



# KIAN Kumusta Kawasaki



**Ingles, Intsik, Koreya, Espanyol, Portugo, Tagalog, Biyetnam, Tay, Indonesiya, Nepal, Magaang na Nihonggo**

HP (<https://www.kian.or.jp/hlkwsk.html>) matatagpuan Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki

211-0033 Kanagawa ken Kawasaki Shi Nakahara Ku kizuki Gion Chō 2-2

Tel:044-435-7000 Fax:044-435-7010 <https://www.kian.or.jp/> E-mail : [kiankawasaki@kian.or.jp](mailto:kiankawasaki@kian.or.jp)

## Ika-25 Pang- dayuhang Talumpatian ,Nangailangan ng lalahok !

Sa mga dayuhan na kasalukuyang nag-aaral o nagtatrabaho sa lungsod ng Kawasaki o nag-aaral sa isang klase ng wikang Hapon sa lungsod ng Kawasaki, bakit hindi subukang sumali sa paligsahan ng Talumpati sa wikang Hapon (kailangan ng rekomendasyon mula sa paaralan o lugar ng trabaho)

**Petsa:** Pebrero 15, 2020 (Sabado) Oras : 13:00~16:30

Pagdalo • LIBRE

(※Kung sakaling bumagyo atbp. ipagpapaliban ito sa Marso 7 Sabado)

Makisali sa salu-salo matapos ang paligsahan.

**Lugar:** Kawasaki International Center Hall Reception room

**Katapusan ng aplikasyon:** Enero 17, 2020 (Biyernes) kinakailangan dumating

※Mga katanungan「Kawasaki Kokusai Kouryu Kyoukai」



## [Mga Emerhensiyang -klinikang pambata sa bakasyon ng Bagong Taon ]

Mga " Emergency Clinics"na bukas kapag may biglaang lagnat o sakit sa bakasyon!

**Paksang Medikal:** Internal medical(内科) at pediatric(小児科・shounika)

**Araw ng paggagamot:** Linggo, Pista-opisyal, Katapusan at Bagong taon

**Disyembre 30 (Lunes) hanggang Enero 4 (Sabado)**



**Oras : 9:30 – 11:30 13:00 – 16:00** (Maaring mag-iba ang oras kumpirmahin muna sa telepono bago pumunta)

Notasyon ng Klinikang sa Hapon at sa wikang Tagalog	Telepono/Purok Kagawaran	Tanggapan • Oras ng Pagagamot
(Nanbu shouni kyuubyo senta) Nanbu Sentrong emerhensiyang Pang-bata ( Nasa loob ito ng Kawasaki-Munisipal Ospital)	044-233-5521 Purok ng Kawasaki	Mula 5:00 ng hapon hanggang 8:30ng sunod na umaga .24 oras na tanggapan .
Pang-emerhensiyang klinikang ng Kawasaki Kawasaki kyuujitsu-kyukan shinryoujo)	044-211-6555 Purok ng Kawasaki	
Pang-emerhensiyang Klinikang ng Saiwai (Saiwai kyuujitsu kyuukan shinryoujo)	044-555-0885 Purok ng Saiwai	
Pang-emerhensiyang klinikang sa Nakahara (Nakahara kyuujitsu kyuukan shinryoujo)	044-722-7870 Purok ng Nakahara	
(Chubu Shouni Kyuubyo Senta) Chubu Sentrong emerhensiyang pang-bata	044-733-5181 Purok ng Nakahara	Tuwing gabi mula 18:30 hanggang 23:00 (Nihon Ika Daigaku Byo-in) Ospital sa Musashi Kosugi
Pang-emerhensiyang Klinikang ng Takatsu (Takatsu kyuujitsu kyuukan shinryoujo)	044-811-9300 Purok ng Takatsu	
Pang-emerhensiyang Klinikang ng Miyamae (Miyamae kyujitsu kyuukan shinryoujo)	044-853-2133 Purok ng Miyamae	
Pang-gabing pang-emerhensiyang klinikang ng Tama (Tama kyuujitsu yakan kyuukan shinryoujo)	044-933-1120 Purok ng Tama	Tuwing gabi mula 18:30 hanggang 22:30 (Internal na pagagamot/Naika )
Sentrong Emerhensiyang Pang-bata ng Hokubu (Hokubu shouni kyuubyo senta)	044-933-1120 Purok ng Tama	6:30 pm hanggang 5:30 am pagtanggap (Pediatrics)
Pang-emerhensiyang Klinikang ng Asao (Asao kyuujitsu kyukan shinryoujo)	044-966-2133 Purok ng Asao	

**Sentrong Pang-emerhensiyang Impormasyong Medikal**

(24 Oras gabay sa Dental • Maliban sa konsultasyon pang-medikal) Tel.044-739-1919

# 「Fureai Kouryu Kai」

## Nais mo bang gumawa ng tanyag na Luto sa Korea?



**Petsa:** Marso 3, 2020 (Martes) 11:00~14:30 (Hindi nasaayos ang oras)

**Lugar:** Kawasaki Kokusai Kouryu Center • silid lutuan

**Guro:** Shin • Migyon (Tubong Koreya)

(ang nasa Larawan ay isang hal. lamang )

**Lutuin:** Cheeze Tatsu karubi atbp.(ihaw na baka ng karne na may keso)

**Kabayaran:** 1,568 YEN( sa mismong araw ) may paalagaan (may reserbasyon para sa 1 taon-gulang pataas)

**Patala:** Mag-apply gamit ang isang pabalik na postkard .1piraso hanggang 2 katao

1. Kurso「Lutuing Koreya」 2. Pangalan(Kung 2 katao hiwa-hiwalay ang pangalan)

3. Tirahan 4. Matatawagang Telepono

※Para sa mga detalye tulad ng mga deadlines, mangyaring makipag-ugnay sa flyer, HP, Facebook o

Kawasaki International Association.

\*\*\*\*\*

## Tungkol sa Koleksyon ng Basura para sa Katapusan at Bagong taong Pagtatapon ng Basura

Suriin ang iskedyul para sa bawat rehiyon. Mangyaring tandaan ang petsa ng koleksyon.



◆Koleksyon ng mga regular na basura at mga recyclable na materyales : Kokolektahin hanggang sa katapusan ng taon sa Disyembre 31 (Martes), at ang simula ng taon mula Enero 4 (Sabado) tulad ng dati.

◆Para sa malalaking basura (Sodai-gomi) , kinakailangan ang **Paunang aplikasyon**. Mangyaring mag-apply ng 3 araw bago ang petsa ng koleksyon (Disyembre 31 hanggang Enero 3, hindi kasama ang Sabado at Linggo).

- Mag-apply online mula sa website ng Kawasaki City (kinakailangan ng pagpaparehistro ng gumagamit)
- Aplikasyon sa pamamagitan ng telepono:**Soudai Gomi Uketsuke Center** : 044-930-5300 **Oras:** 8:00 - 16:45

Pamamaraan ng pagtapon ng basura sa lungsod ng Kawasaki Patalastas sa kung

「Paano paghiwalay at paglabas ng basura at recyclables」 !! Sa purok kagawaran at Kawasaki Kokusai Kouryu Center atbp. na Patalastas ay mayroong Nihonggo na may Hiragana, Ingles,Intsik, Koreya, Tagalog, Portugo, at Espanyol.

\*\*\*\*\*

## [Konsultasyon para sa mga dayuhan sa Kawasaki InternationalCenter]



Mangyaring makipag-ugnay sa amin kung mayroon anumang mga katanungan o pangangailangan ng tulong. (LIBRE)

**Mangyaring tandaan na ang pagsasalin ay hindi na tinatanggap sa Center pagkatapos ng Agosto.**

•Oras (10:00-12:00, 13:00-16:00)

• Telepono: 044-455-8811

Wika	Araw
Ingles	Lunes - Sabado
Portugog	Martes • Biyernes
Korea • Koreya	Martes • Huwebes
Biyetnam	Martes • Biyernes
Indonesyan	Martes • Miyerkoles

Wika	Araw
Intsik	Martes • Miyerkoles • Biyernes
Espanyol	Martes • Miyerkoles
Tagalog	Martes • Miyerkoles
Taylando	Lunes • Martes
Nepali	Martes • Sabado

### \* Libreng konsultasyon sa pamamagitan ng administrative scrivener

(Ang konsultasyon ay sa wikang-hapon lamang, ngunit maaaring magrequest kung nais ng may tagasalin. **May-bayad**)

- **Petsa:**Disyembre 15 (Linggo), Enero 19 (Linggo) 14:00~16:00
- **Lugar:** Kawasaki InternationalCenter 2F Conference room.